

1

“Dito, bilis!” malakas na sigaw ng isa sa mga paramedics.

Mabilis na napukaw ng alertong boses ang atensyon ni Frankie. Isang lalaking nakahiga sa stretcher ang dinala sa Emergency Room. Batay sa dami ng nurses at doktor na humarap dito, siguradong mula sa isang importanteng pamilya ang lalaki.

Medyo mabigat man ang loob ni Frankie na sa ospital siya nagdiriwang ng Pasko, naisip niyang masasanay rin siya.

Mayamaya pa ay usap-usapan na ang pasyenteng isinugod sa ER. Guwapo raw at makisig ayon sa mga nag-asikaso rito. Nag-iisang anak umano ng isang mayamang negosyante na maraming pag-aaring hotels at restaurants.

“Ano raw ba’ng nangyari d’un sa lalaki?” tanong ni Frankie. Nasa cafeteria sila noon ng kaibigan at kapwa nurse na si Anna.

“Nakipagkarera raw kaya naaksidente,” sagot ng kaibigan. “Jerick Montemayor pala ang pangalan.”

Sandaling natigilan si Frankie. Bigla siyang kinabahan. Si Jerick? Hindi naman siguro siya maa-assign sa silid ng lalaki.

Gayunpaman, hindi niya napigilan ang sariling mag-alala para rito. Gusto niyang malaman ang kalagayan nito.

“Malala ba?” Pilit niyang ikinubli ang pag-aalala.

“Napilayan daw, at may neck injury. Pero hindi naman fatal, if that’s what you mean. Baka nga lang ilang buwan din siyang mauupo sa wheel chair,” kuwento ni Anna.

Napabuntong-hininga na lamang si Frankie. Lihim siyang nagpasalamat sa Maykapal dahil malayo sa panganib ang buhay ng lalaki.

“Sabi mo may neck injury,” ulit niya.

“Oo, pero mild lang. Iyong sa binti niya, sabi ni Dr. Santiago, aabutin ng dalawang buwan bago gumaling. Kahit paglabas niya rito, he’d still need a leg cast,” sabi ng kaibigan. “Buti na lang paa lang niya ang naapektuhan. Kung nagkataon, nabawasan ang kaguwapuhan ng Jerick Montemayor na ’yun.” Tinitigan siya ni Anna. “Mukhang nag-aalala ka sa kanya. Magkakilala ba kayo?”

Sandaling napaisip si Frankie kung paano sasagutin ito. Hindi niya gustong magsinungaling, ngunit maaari namang hindi niya sabihin ang buong katotohanan. Napahugot siya ng hininga.

“Naging kaklase ko kasi siya sa *UP Manila*,” paiwas na sagot niya.

“Talaga? Ano’ng course niya? Close ba kayo?” pangungulit nito.

Natameme siya.

Close? Masasabi pa rin bang close kahit hindi naging maganda ang paghihiwalay ninyo ng isang tao?

“Hmm, ang natatandaan ko Biochemistry ang kinukuha niya noon. Naging kaklase ko lang naman siya sa *Scrabble*, ’yun ang PE namin,” sagot niya.

“May girlfriend ba siya noon? Sabagay, sa guwapo niya, parang imposibleng wala!” komento nito. “Pero mukha namang single pa.”

Napailing siya. Kung di lang siya nag-aalala sa posibleng muling paghaharap nila ni Jerick, baka natawa siya sa kakikayan ni Anna.

Nagkibit-balikat na lamang siya. “Well, hindi ko alam. Pagka-graduate niya, ang balita ko nagtungo

sa London para sa post-graduate studies niya,” aniya.

Kumirot ang puso niya. Nanligaw si Jerick sa kanya, oo. Pero hindi naging sila. Katuwiran niya, gusto niyang pagtuunan ng pansin ang pag-aaral. Kahit pa malaki ang pagkakagusto niya rito, alam niyang walang patutunguhan ang relasyon sa pagitan nila. Iiwan din siya nito tulad ng ginawa nito sa mga nauna sa kanya.

Eighteen lang siya noon. Kahit na halos lahat ng mga kaibigan niya ay panay ang kuwento sa mga love life nila, hindi niya hinayaan ang sariling mainggit. Panganay siya, mahalaga sa kanya ang makapagtapos. Hindi sila mayaman, importante sa kanya ang edukasyon.

Hindi naman niya pinagsisihan ang naging pasya. Inisip din niya na hindi rin marahil sila para sa isa’t isa. Baka kung pinagbigyan niya ang sarili ay nasira naman ang kinabukasan niya.

Hindi na niya dapat pang isipin si Jerick. Isa pa, hindi talaga ito naging seryoso sa panliligaw sa kanya. Tumigil ito agad nang sabihin niyang wala siyang oras makipaglokohan sa mga lalaki.

“Baka naman may past kayo at ayaw mo lang sabihin sa akin,” tudyo ni Anna.

Umirap siya. “Tara na nga at tapos na ang break time natin.”

“Frankie, ikaw ang ia-assign ko sa Room 243, mukhang ikaw lang ang tuwid mag-isip sa mga panahong ito.” Nakangisi si Janet, ang head nurse ng ospital.

Saglit na napaisip si Frankie. Ano ang ibig sabihin ng babae?

“Parang lahat kasi, eh, kinikilig d’un sa pasyente sa room na ’yun. Mapapanatag ang loob ko kung ikaw ang nand’un dahil sigurado ako na magagawa mo nang tama ang trabaho mo,” paliwanag nito.

Nakuha na niya. Si Jerick ang tinutukoy nitong pasyente.

Lihim siyang napangiwi. Paano niya sasabihin sa head nurse na iba na lang ang i-assign nito sa nasabing silid nang hindi nagtutunog na wala siyang tiwala sa sariling kakayahan?

Isa pa, wala siya sa posisyon para tumanggi. At bakit ba may bahagi rin ng utak niya na nagsasabing dapat niyang makita para sa sarili niya ang lagay ni Jerick?

Tatlong taon din niyang hindi nakita ito. Ang huling balita nga niya rito ay nang mangibang-bansa ito upang doon ipagpatuloy ang pag-aaral. Nasaktan din siya nang agad itong sumuko sa panliligaw. Pero nang lumaon, nakita rin niya ang bright side ng bagay na iyon. Hindi sila bagay ni Jerick. Malayo ang katayuan nila sa buhay. Magkaiba rin sila ng pananaw sa maraming bagay. Para lamang itong naglalaro kung makipagrelasyon. Naniniwala siya sa tunay na pag-ibig.

Siguro, kaya rin masyado niyang sineryoso ang ‘panliligaw’ nito ay dahil ito lamang ang nagpakita ng ganoong atensyon sa kanya. Ahead ito ng dalawang taon sa kanya, at isang beses lang niya naging kaklase, sa PE nga.

“Bakit ito ang PE na kinuha mo?” tanong ni Jerick nang minsang naging magkalaban sila.

In pairs silang ina-assign ng guro, kahit puwedeng apat sa larong Scrabble.

Kahit halos kiligin sa presensya lamang nito, nagawa naman ni Frankie ang sumagot nang tuwid.

“Mahilig akong magbasa, eh, and if there’s one thing na alam kong magaling ako, sa words ‘yun,” paliwanag niya.

Nangislap ang mga mata ng kausap. “Ah, talaga? Ako naman mahina sa vocabulary. Mas gusto ko ang chess,” anito.

Ngumiti siya sa lalaki. “Eh, bakit Scrabble ang kinuha mo? Marami namang chess classes, di ba? Imposibleng hindi ka nakakuha.”

Ngumiti rin ito sa kanya. “Ah, masyado na akong magaling d’un, wala nang challenge.”

Napailing na napangiti siya sa narinig. Sa huli, siyempre, siya ang nanalo sa laro. Walang kalaban-laban si Jerick sa kanya.

Pumasok si Frankie sa Room 243. Dala niya ang sedative na ituturok sa IV ng pasyente. Wala itong bantay na medyo ipinagtaka niya. Alam niyang walang kapatid si Jerick, patay na rin ang ina nito at tanging ang ama na lang ang pinakamalapit na kapamilya.

Sinulyapan niya ito. Natutulog ang lalaki, may leg cast, may brace sa leeg, at may benda sa ulo.

Bumaling siya rito matapos iturok sa suwero ang gamot. May kung ano sa ekspresyon nito na nagpatalon sa kanyang puso. Nag-mature nang kaunti

si Jerick, at lalo pa itong gumuwapo simula noong huli niyang makita.

May nakapa siyang awa sa kanyang puso para sa lalaki. Madalas maglabas ng sama ng loob si Jerick sa kanya noon. Malayo umano ang loob nito sa ama na laging abala sa negosyo.

Patuloy niyang siniyasat ang mukha nito, hinawi ang ilang hibla ng buhok mula sa pisngi nito.

“Tapos na ba ang assessment?” walang anu-ano’y nakapikit nitong tanong.

Ah, iniisip marahil na isa siya sa mga nagkakagulo rito.

Mahina ang boses nito ngunit buong-buo pa rin.

May katagalan bago nakaimik si Frankie. “Naglagay lang po ako ng pampatulog, Sir,” paalam niya. Tumalikod na siya para lumabas ng silid bago pa ito makadilat.

“Anak, paano kaya ang tuition ni Faye?” tanong ni Tersing sa panganay na anak.

Napabuntong-hininga si Frankie sa tanong ng ina. Dumarating talaga ang pagkakataon na medyo

nagigipit sila.

“Pagsuweldo ko, ibibigay ko po lahat sa inyo, 'Nay,” sagot niya.

Hindi ganoon kalaki ang sahod niya, tiyak na kulang pa rin iyon para sa halos nasa cuarenta mil na tuition ng kapatid.

“Nakakahiya na sa 'yo, Anak, wala nang natitira sa 'yo. Hayaan mo't titingnan ko kung alin sa mga alahas ko ang maaari kong isangla,” malungkot na sambit ni Tersing.

“Okay lang 'yun, Nay. Para naman po sa inyo kaya ako nagtatrabaho,” aniya.

Maliliit pa lamang sila ni Faye nang lisanin sila ng kanilang ama. Nagkaroon kasi ito ng bagong pamilya. Isa na rin siguro iyon sa mga rason kung bakit parati siyang praning sa hangarin ng mga lalaking nagpapakita ng interes sa kanya. Minsan, naiisip niyang pare-pareho lamang ang mga lalaki—manloloko.

“Huwag po kayong mag-alala, 'Nay, makakagawa rin tayo ng paraan,” sabi niya sa ina.

Sa dinami-rami ng paghihirap na dinanas nilang mag-iina, minsan ay madali nang mawalan ng pag-

asa si Aling Tersing. Kung kaya naman siya na ang nagpapalakas ng loob nito.

“May problema ka ba?” tanong ng head nurse na si Janet kay Frankie.

Napansin marahil nito na di siya mapalagay.

Parang ate-atehan na nilang lahat ang babae. Hindi na siya nangiming ilihim dito ang problema sa pera.

“Bayaran na po kasi ng tuition ni Bunso, Ate Janet. May balance pa pong malaki,” pag-amin niya.

Tila nakisimpatya ito. “Kung gan’un tama nga ang desisyon ko. Ikaw talaga ang inirekomenda ko para maging private nurse ni Mr. Montemayor,” sabi nito.

“Private nurse po?” ulit niya.

“Bakit hindi? Mas malaki ang kikitain mo d’un. Puwede ka pang bumalik dito sa ospital pagkatapos. Isa ka sa pinakamahuhusay na nurses dito. Ayaw mo ba? Makakatulong ito nang malaki sa ’yo at sa pamilya mo,” pangungumbinsi nito.

Hindi niya maiwasang isipin na parang binibigyan

siya ng pagkakataon upang maipadama kay Jerick ang totoong damdamin niya rito.

Pilit niyang iwinaksi iyon sa isipan. “Mabuti pa, Ate Janet, eh, ipaalam muna natin sa pasyente na ako ang magiging nurse niya,” alangan niyang tugon.

Hindi malayong tumanggi si Jerick.

“Naku, alam na niya Frankie. At wala naman siyang sinabi na may iba siyang gusto. Kaya huwag mo nang alalahanin iyon,” anang head nurse.

Nag-aalala si Frankie na baka pag napalapit siyang muli kay Jerick ay umasa siyang maibabalik sa dati ang turingan nila. Pero para sa kapatid kaya niya ito gagawin. Gusto niyang makatapos si Faye. Saka na niya iisipin ang problema na maaaring idulot ng muling pagtatagpo nila ng lalaki.

“Maraming-maraming salamat, Ate Janet.” Pinigilan niya ang sariling maluha. Alam niyang sa kaibuturan ng puso niya ay masaya siya.

Tingnan mo nga naman, Pasko nang magkahiwalay sila noon. Pasko rin nang muli silang magkita.

Naalala pa niya ang mga nangyari tatlong taon na ang nakararaan.

Dumating si Jerick sa tahanan nila, may dalang

mga rosas at maraming pagkain. Matapos silang magsalo ay saka ito ‘nagtapat’.

Mas gusto raw nitong magdiwang kasama siya dahil wala rin sa mansion ng mga ito ang ama. Nasa ibang bansa nang mga panahong iyon.

“Alam mo kasi, mas mahalaga sa akin ngayon ang pag-aaral ko,” dahilan niya.

“Hindi naman kita minamadali, Frankie. Kaya kong maghintay,” sagot nito.

Puno ng emosyon ang mga mata ng lalaki, ngunit pinili ni Frankie na huwag magpatinag. Ayaw niyang magpaloko. Balita niya ay marami nang pinaiyak ang binata sa campus.

“Tba na lang ang ligawan mo, hindi ako bagay sa katulad mo, Jerick,” giit niya.

Sa totoo lang, umiibig na siya sa lalaki noon pa, natakot lamang siyang masaktan. Ibig bang sabihin ay handa na siyang makipagsapalaran ngayon?

2

Isang linggo pang naglagi sa ospital si Jerick. Sa tuwing dito siya naka-assign ay tulog ang lalaki. Hindi pa talaga sila nagkakaharap. Hindi niya alam kung natatandaan nito ang pangalan niya, lalo na't ayon nga sa head nurse ay naipaalam na rito na siya ang magiging private nurse nito. Sa tagal na rin siguro ng panahong dumaan, malabong naaalala pa siya nito.

Nagpaalam siya sa ina tungkol sa bagong trabaho.

“Nay, stay-in po ako doon. Malaki ang kikitain ko kaya huwag na kayo mag-alala,” pagpapaalam niya.

“Pero, Anak, malalayo ka. Hindi ka madalas makakauwi. Hindi mo naman kailangang gawin ito, makakaraos din tayo. Masama ang kutob ko,” sagot nito, puno ng pag-aalinlangan ang mukha.

“Nay, ano ba ang ipinag-aalala ninyo? Mababayaran na natin ang tuition ni Faye, iyon ang mahalaga,” sabi niya.

Napakibit-balikat na lamang ang ina. “Basta, iingatan mo ang sarili mo, Anak, ipangako mo sa akin,” samo nito.

Tumatangong niyakap niya ito.

Ito ang huling araw ni Jerick sa ospital. Ilang oras na lang at susunduin na ang lalaki. Mukhang hindi na maiiwasan ang paghaharap nila. Nagtungo siya sa silid nito. Gaya ng inaasahan, gising ito at handa na sa pag-uwi.

Pakiramdam ni Frankie ay wala siyang saplot sa paraan ng panunuri nito sa kanya.

“Good morning, Sir,” bati niya.

Malayo sa pagiging cordial ang attitude nito. Kulang na lamang ay magtaasan ang balahibo niya sa facial expression ng lalaki.

“Akala ko, kapangalan mo lang. Hindi ko talaga inaasahang ikaw pa pala ang irerekomenda sa akin.” Malisyoso ang pagkakangiti nito.

Natameme siya. Ibig bang sabihin ay nagbago na ang isip nito? Napabuntong-hininga siya sa posibilidad.

“Hindi ko rin nga po—”

“So, tell me. Minanipula mo ba ang pamunuan ng ospital na ito para ikaw ang irekomenda?” tanong

nito.

Kahit malayo iyon sa katotohanan ay nakadama pa rin si Frankie ng pagkapahiya. “S-Sir, kung hindi n’yo po ako gustong maging nurse, makakapag-assign po sila agad sa inyo ng iba,” aniya.

Tila inip na nagsalita ang lalaki. “No need. Mabuti na rin iyong kakilala ko ang magiging personal nurse ko,” nakangising sagot nito.

Ibang-iba ito sa Jerick na nakilala niya noon—masuyo, malambing, mabait. Totoo kaya ang damdamin nito para sa kanya noon? Sinayang ba niya ang pagkakataong lumigaya?

“Kailangan mo ng pera?” Banayad ang pagkakatanong nito.

Pero nabigla pa rin si Frankie. Alam niyang namula siya. Hindi na nito kailangang malaman pa ang sitwasyon niya sa buhay. Hindi niya gustong magmukhang pulubing namamalimos dito.

Magtatrabaho siya, may kapalit ang perang tatanggapin niya.

Imposible namang may sinabi rito ang head nurse. Pero malamang ay naging usap-usapan kung bakit siya ang inirekomenda para sa posisyon.

“Lahat naman po ng tao kailangan ng pera, Sir,” iwas niya.

“Okay lang na tawagin mo akong ‘Sir’, but could you please drop the ‘po’ and ‘opo’?” diin nito.

Nakahiga pa rin ito sa hospital bed, naroon pa rin ang leg cast, pero batay sa pakikipag-usap sa kanya, maaaring isipin na nagkukunwari lamang itong may dinaramdam.

“Okay, Sir,” aniya.

Para sa isang tao na itinuring kong kaibigan, hindi ko inisip na igigiit mo na tawagin kitang ‘Sir’.

“One hundred thousand pesos a month, iyan ang offer ko sa ‘yo,” sambit ng lalaki.

Halos mapanganga si Frankie. Napakalaking pera niyon!

Napailing siya pagkatapos.

Money didn’t grow on trees; at siguradong may catch ang offer nito. Nanghilakbot siya sa maaaring hinging kapalit. Nagsimula nang maglaro ang kung anu-anong ideya sa utak niya.

Natigil siya sa kaiisip ng worst case scenarios nang tumawa ang lalaking nakahiga sa kama. Tila

nabasa nito ang iniisip niya.

“Tama ka... may kapalit.” Isang pilyong ngiti ang nakaguhit sa mga labi nito.

Lalong nanginig si Frankie. Kahit kailan ay hindi pa siya nagkanobyong, at wala siyang alam pagdating sa pakikitungo sa mga lalaki.

“Ang ganoong kalaking halaga, hindi basta-basta ibinibigay lang. So, do we have a deal?” Malapad ang pagkakangiti nito.

Hiyang-hiya siya sa narinig. Hindi niya sukat-akalain na pag-iisipan siya ng ganon ni Jerick! Hindi nga siya mayaman, pero buong-pagmamalaki niyang masasabing mabuti siyang babae. Pakiramdam niya, isang sampal iyon sa pagkatao niya. Kailangan niya ng pera, ngunit hindi ibig sabihin niyon ay handa siyang ipagamit ang katawan...

Muling tumawa ang lalaki, sa reaksiyon niya siguro. Batid niyang hindi maipinta ang mukha niya.

Tuluyan na siyang napaluha. Ngayon lang siya nainsulto nang ganon! Buong buhay niya, mataas ang respeto niya sa sarili, at wala siyang ginawang kalokohan na maaari niyang ikahiya o ng pamilya niya. Hindi ganito ang Jerick na kilala niya... totoong may pagkababaero, ngunit hindi tahasang bastos.

Natigil sa pagtawa si Jerick, at ginamit niya ang pagkakataon upang sabihin na hindi niya tatanggapin ang alok nito.

“Sir, ako na po ang magsasabi sa head namin na kailangan n’yo ng ibang nurse,” aniya. Hinamig niya ang sarili at tinatagan ang loob. Hindi siya mahinang babae.

“Ano ba’ng iniisip mo? Sa lagay kong ito, tingin mo ba...” Sadya nitong ibinitin ang tanong.

Muling nag-init ang mukha ni Frankie. Masisisi ba siya nito kung mag-isip siya ng ganoon? Ano ba ang gusto ni Jerick—ang ipahiya siya? Ngayon siya pa ang lumabas na malisyosa.

Abot-tainga ang ngiti nito, parang di man lang nakonsyensya na napaiyak siya dahil sa kalokohan nito.

“Kailangan ko ng maglilinis sa kuwarto ko, magluluto ng paborito kong pagkain, at magtitimpla ng kape ko—personal maid.” Nakangisi pa rin ito sa kanya. “Ano, tinatangihan mo pa rin ang offer ko?”

Napahiya man si Frankie, nilunok na lamang niya ang pride. Lalo lang itong mag-e-enjoy sa pang-aasar sa kanya oras na ipakita niyang apektadong-apektado siya.

Sa halagang one hundred thousand per month?
Hah, kahit ipaglaba pa niya ito!

“Teka, kulang ba ’yung one hundred thousand?”
tila nag-aalalang tanong ng lalaki.

Itinaas ni Frankie ang mga mata niya upang salubungin tingin nito. “Hindi, Sir, hindi sa ganoon...”

Ngumiti ito. “Good, sa bahay ka na titira kaya magdala ka ng mga damit,” bilin nito.

Hindi malubos maisip ni Jerick na sa ganitong pagkakataon pa sila muling magkikita ni Frankie. Buong akala niya ay nangibang-bansa na ito, katulad ng iba pang nurses na nagsipagtapos.

Alam niyang si Frankie iyon, iyong nurse na humawi sa buhok niya mula sa kanyang mukha, iyong nagmasid sa kanya habang napakabigat ng talukap ng kanyang mga mata. Sa kabila ng pampatulog at painkillers na itinuturok sa kanya, nakilala niya ang boses nito.

Hindi niya kailanman nagawang limutin ang tinig ng babae.

Napahugot siya ng malalim na hininga. He never hated Frankie for turning him down. Siguro nga ay

iyon ang bagay sa kanya. Maybe it was his karma. Marami siyang pinaiyak; nang siya ang umibig nang totohanan, saka pa siya nabigo.

Noon niya naintindihan kung gaano kasakit ang umasa at mabigo. Lumayo siya para makalimot.

When he heard that voice...

Ang akala niya pinaglalaruan na naman siya ng kanyang imahinasyon. Now that she was within reach—tama lang siguro na parusahan niya ito nang kaunti.

After all, halos mawalan siya noon ng dahilan para mabuhay.

Lagot ka ngayon, Frankie. I'm gonna show you who's boss!

Luminga-linga si Frankie sa paligid, palabas na sila ng Maynila. Minabuti na niyang magtanong kung saan sila patungo.

“Sa Laguna. Naroon ang ancestral house ng aking namayapang ina, doon ko gusto magpagaling,” sagot ni Jerick.

Magaling na ang leeg nito, ngunit may leg cast

pa rin ang kaliwang binti. Kaya nga may wheelchair silang dala ngayon sa loob ng sasakyan.

Kung sa Laguna nito gusto magpagaling, walang kaso sa kanya. Hanggang ngayon, hindi pa rin siya lubos makapaniwala sa laki ng sasahurin niya. Solved na solved na ang tuition ng kapatid niya, may maiipon pa siya. Siguro ipagpapatayo niya ng sari-sari store ang ina, gaya ng gusto nito.

Mayamaya pa ay nasa Calamba, Laguna na sila. Malapit sa lumang bahay ng mama ni Jerick ang naging tahanan ni Dr. Jose Rizal. Talagang dadalawin niya ang nasabing historical mansion one of these days.

Malaki ang ancestral house, pero may kalumaan na ito. Gawa sa bato ang mga pader, kahoy naman ang partitions sa loob. Maluwang ang sala, kung saan may hagdan patungo sa ikalawang palapag. Tila antigo ang mga kasangkapan doon.

“Naku, Sir, kumusta na po kayo? Ipinalinis ko na po ang silid dito sa ibaba,” sabi ng isang matandang babae.

“Frankie, ito si Aling Saling. Aling Saling, siya si Frankie, private nurse ko,” ani Jerick sa katiwala.

Agad namang ngumiti ito sa dalaga. “Maayos na

rin po ang silid ninyo sa itaas,” imporma nito.

Mabilis na nagprotesta si Jerick. “May isa pa naman hong silid dito sa ibaba, di ba? Mas madali kasi sa kanyang puntahan ako kung magkalapit ang kuwarto namin,” paliwanag nito.

“Sige po, Sir, madali lang naman pong ayusin iyon,” sang-ayon ni Aling Saling.

Napansin niyang magkaharap ang mga silid nila. Imposibleng hindi niya ito marinig kung may kailangan ito.

Matapos ihatid si Jerick sa silid nito ay nagtungo si Frankie sa sariling kuwarto. Mabilis niyang inayos ang mga gamit niya sa aparador. Ayon sa doktor ay aabutin ng dalawang buwan ang recovery period ng lalaki. Simple lang naman talaga ang magiging trabaho niya. Paiinum ng gamot ang pasyente—sasamahan ito sa therapy kung kailangan.

At aaminin ni Frankie, natutuwa siya na siya mismo ang mag-aalaga sa binatang unang pumukaw sa damdamin niya.

Tiningnan niya ang sarili sa salamin. Mukhang pagod siya. Minabuti niyang maghilamos at magbihis bago lumabas ng silid niya.

Kumatok siya sa kuwarto ni Jerick. Oras na para uminom ito ng gamot. Painkiller lang naman iyon.

“Pasok,” anito. “Ano’ng kailangan mo?”

“Sir, dala ko na ang gamot mo. Kumain ka na ba?” tanong niya.

Nakaupo ito sa wheel chair at nakatanaw sa labas ng malapad na bintana ng silid.

“Hindi pa ako ako kumakain, dahil hinihintay kita,” sagot nito.

Natigilan si Frankie. Gusto nitong sabay silang magtanghalian?

“Sir, sana po ay hindi na ninyo ako hinintay,” aniya.

Lumingon ito sa kanya, at pagkatapos ay tumawa ito nang mahina.

“Hindi kita hinihintay para sabayan ako. Ayoko ng ulam na hinanda ni Aling Saling. Ipagluto mo ako ng pinakbet.”

“Ah, okay po, Sir.” Nasasanay na rin siyang napapahiya sa harap nito, malapit na siguro siyang ma-immune.

Nagtungo na siya sa kusina. Binati siya ni Aling

Saling. “Gusto raw po ni Sir Jerick ng pinakbet. Nas’an po ba ’yung mga gulay?” tanong niya.

Mukhang nagulat ang katiwala sa tinuran niya. “Hindi po ba private nurse kayo ni Sir Jerick? Ako na ho ang bahala sa pagluluto.”

Napangiti si Frankie nang alangan. “Naku, mahigpit po niyang utos na ako raw po ang maghanda ng kakainin niya araw-araw, hayaan n’yo na po ako,” magalang niyang sabi.

Nakita niyang napailing ito.

Mabilis niyang hinugasan ang mga gulay. Hindi siya magaling magluto pero madali lang naman ang pinakbet. Igigisa niya ang karne, at pagkatapos ay ilalagay na ang gulay. Kapag medyo luto na, saka niya lalagyan ng kaunting tubig upang magsilbing sabaw.

3

“Bakit ang tagal mo? Gutom na gutom na ako,” paninita ni Jerick.

Wala siyang balak magdahilan pa. “Pasensya na, Sir. Kumain ka na, para makainom ka na ng gamot,” sagot niya.

Ilang segundo ring tinitigan ni Jerick ang niluto niyang pagkain bago iyon tinikman. Kaagad itong napasimangot.

“Tinikman mo ba ’to?” angil ng lalaki. Binitawan nito ang kubyertos.

Naramdaman niyang uminit ang mga pisngi niya.

Kinuha niya ang tinidor at saka tinikman ang ulam. Namilog ang mga mata niya nang malasahan kung gaano kaalat iyon! Malamang nadoble niya ang paglagay ng asin.

Mabilis niyang niligpit ang nilutong pinakbet. “Sir, puwede bang iyong sinigang na lang na niluto ni Aling Saling ang ulamin mo ngayon?” Nasa tinig niya ang pakiusap.

Sabi nila, the way to a man’s heart is through

his stomach. Kung ganoon, mukhang wala na siyang pag-asa.

Naningkit ang mga mata nito. “May magagawa pa ba ako?”

Nakahinga siya nang maluwag. Wala pa yatang isang minuto ay nakabalik na siya sa silid nito para ihain dito ang niluto ng kasambahay. Naupo lamang siya sa isang tabi habang kumakain ito.

Mayamaya ay nagtanong ito. “Kumain ka na ba?”

Hindi sigurado si Frankie kung pag-aalala ang nahimigan niya sa boses nito. Pero baka nag-iilusyon na naman siya.

“Kakain ako mamaya, Sir,” aniya.

“Huwag mo nang piliting kainin ’yung niluto mo, baka magkasakit ka pa sa bato,” sambit nito. “Lumabas ka na at kumain. Pagbalik mo, iinumina ko na iyong gamot ko.”

“Ano’ng gagawin mo kapag hindi ko ininom iyan?” nakangising tanong ni Jerick.

Napailing si Frankie. Kanina pa siyang pinapahirapan ni Jerick! Ano ba ang mapapala nito

kung aasarin siya nito at his own expense? Talaga bang bored na ito sa marangya nitong pamumuhay kaya ginagawang libangan ang panggigipit sa kanya?

“Sir, binabayaran n’yo ako para alagaan kayo. Be cooperative naman. Inumin na ninyo ito para hindi n’yo masyadong maramdam ang sakit,” ani Frankie.

Dumilim ang ekspresyon nito. “Kailan ka pa nagkaroon ng pakialam kung masaktan man ako?”

Nawalan ng salitang maibabalandra si Frankie.

Ang daya naman, below the belt ang tira!

“Sige, Sir, tawagin n’yo na lang ako pag nagbago ang isip ninyo. Pero iyong ibang gamot pag hindi n’yo ininom, itatawag ko sa doktor at hihingi ako ng permiso na iturok na lang sa ’yo habang tulog ka,” mahinahon niyang paalam na may kasamang pananakot.

Maingat niyang isinara ang pinto sa likuran niya. Napabuntong-hininga na lamang siya. Mukhang mahihirapan siyang ipadama sa lalaki ang pagmamalasakit niya.

Hindi na siya muli pang ipinatawag ni Jerick nang hapong iyon. Minabuti ni Frankie na umidlip sandali. Hindi naman siya nahirapang matulog, lalo pa’t

pagod din siya sa biyahe. Pagkagising ay ipinagluto nga niya ng pinakbet ang lalaki. Sa pagkakataong ito, naging mas maingat na siya.

Pagkaluto ay dinala niya ang tray ng pagkain sa silid ng binata. Nakahiga na sa kama ang lalaki nang madatnan niya.

Medyo napakunot ang noo niya. Hindi kaya nahihirapan si Jerick sa pagkilos? Kung pupuwersahin nito ang sarili sa paggalaw para lang huwag humingi ng tulong sa kanya ay baka lalong tumagal ang recovery nito.

Inilapag niya sa mesita ang tray ng pagkain, saka tumalikod upang bumalik na sa kanyang silid. Tila mahimbing ang tulog ng lalaki. She knew better than wake him up.

Sana lang paggising nito, magustuhan nito ang inihanda niya.

Kinabukasan, ipinaghanda niya naman si Jerick ng almusal. Pilit ang cheerfulness niya habang hinihimok itong kumain.

“Gusto kong lumabas mamaya,” ani Jerick pagkainom ng gamot. “Okay na sa akin na si Aling Saling ang kasama ko. Maglinis ka dito sa kuwarto ko, at ayusin mo na rin ang mga damit ko sa aparador,”

bilin nito.

“Sige, Sir,” tugon niya.

Inihatid ni Frankie ng tingin si Jerick mula sa bintana ng silid nito. Tulak-tulak ni Aling Saling ang wheelchair sa malawak na bakuran ng ancestral house.

Sinimulan na niya ang paglilinis sa silid. Hindi naman talaga marumi ang kuwarto. Nagwalis siya matapos punasan ang mga muwebles na naroon. Inayos rin niya ang higaan. Tiniklop niya ang kumot at pinagpag ang bedsheets. At gaya ng bilin ng binata, binuksan niya ang aparador para ayusin ang mga damit nito.

May dalawang bag na malalaki sa loob. Hindi pa nga naaayos ang mga kasuotan nito. T-shirts at shorts ang laman ng isang bag. Maingat niyang inilipat ang mga iyon sa isang drawer. Hindi pa rin pala nagbabago ang taste nito sa pananamit. Halos panay kulay asul pa rin ang mga shirts nito. Simple pero panay branded, napansin niya.

Napangiti si Frankie nang buksan ang pangalawang bag. Naroon ang mga tuwalya at iba pang personal na gamit ng lalaki. Inilipat din niya

ang mga iyon sa kani-kanyang drawers.

May nakita siyang maliit na kahita sa maliit na bulsa ng bag.

Ano kaya ito?

Mukhang sisidlan ng alahas. Velvety ang texture niyon, at may emblem ng isang korona sa takip. Parang tumalon ang puso ni Frankie. Hindi kaya engagement ring iyon? Para kanino?

Malabong para sa kanya, alam niyang wala nang damdamin para sa kanya si Jerick. Hindi naman niya masisisi ang lalaki; siya ang unang umayaw.

Lalo pa siyang na-curious sa laman ng kahita. Wala namang mawawala kung titingnan niya, di ba?

Nanginginig ang mga daliri niya habang inaangat ang takip niyon. Paano kung engagement ring ang laman? Ang ibig sabihin ba niyon magpo-propose na si Jerick sa ibang babae?

Kumirot ang puso niya sa naisip. Hindi malayong mangyari iyon. Pero kung may nobya ito sa ngayon, bakit wala siyang nakitang dumalaw rito sa ospital?

Basta, titingnan ko lang naman, eh!

Maingat niyang binuksan ang kahita.

Deceptive Heart - Venice Del Valle

Medyo nakahinga siya nang maluwag nang makita ang laman niyon: diamond earrings!

Ni hindi niya magawang kumurap, napakaganda ng nasabing pares ng hikaw. Hinawakan niya ang isa at masusi iyong pinagmasdan.

Para kanino kaya ito?

Muli siyang napaisip.

Kanino kaya balak ibigay ni Jerick ang hikaw?

Siguradong espesyal ang babaeng pagreregaluhan nito niyon.

Hawak pa rin niya ang isa nang marinig ang boses nina Jerick at Aling Saling. Kinabahan siya. Kapag nadatnan siya ng lalaki na hawak ang alahas, baka isipin pa nitong pinag-iinteresang niya iyon.

Bumukas ang pinto. Sa pagmamadaling maibalik ang bag sa aparador ay nagkamali ang hakbang niya at lumagpak siya sa sahig.

Aray!

Tumama pa ang ulo niya sa kalapit na mesita.

“Ano’ng nangyari sa ’yo?” Puno ng pag-aalala ang tinig ni Jerick.

Mabilis si Aling Saling. Tinulungan siyang makatayo ng matanda. Inaasahan na niyang maiirita ang lalaki sa pagiging clumsy niya, ngunit kabaligtaran ang nakita niya sa mukha nito. Sa kauna-unahang pagkakataon mula nang muli silang magkaharap, sigurado siyang tunay ang pag-aalala nito para sa kanya.

“Pilay na nga ako, lampa pa ang nurse ko. Mag-iingat ka kasi,” anito.

Napailing na lamang si Frankie. Hindi naman niya ginustong mangyari iyon sa kanya. Nakahawak siya sa bahagi ng ulo niyang tumama sa muwebles. May bukol kaagad siyang nakapa roon.

“Okay ka na ba? Malakas ba ang pagkakauntog ng noo mo?” tanong ni Aling Saling.

“Aling Saling, pakisamahan naman siya sa bayan. Dapat matingnan iyan ng doktor,” saad ni Jerick.

Tumango ang katiwala.

“Ayos lang ako. Maliit na bukol lang ’to,” sagot niya.

Naningkit ang mga mata ng binata sa kanya, saka muling nagsalita. “Maupo ka nga d’un sa kama at nang matingnan ko.”

Agad siyang naupo sa gilid ng kama. Pinagulong ni Jerick ang wheelchair patungo sa kanya. Marahang sinuri nito ang bukol. Napakislol siya. Pakiramdam niya ay may kung anong kuryenteng nanunulay sa dulo ng mga daliri nito patungo sa balat niya. Sinikap niyang huwag ipahalata ang reaksyon niya rito, pero malamang ay napansin ni Jerick ang matinding awareness dito.

“Mukha ngang simpleng bukol lang, pero kapag may naramdaman ka, magsabi ka lang. Delikado iyan, sa ulo pa naman,” bilin nito.

Napasulyap si Frankie sa isang bag na nakabukas at nakakalat pa.

Naku! Hindi ko pa nga pala tapos ayusin 'yun...

“Naku, Sir, pasensya ka na talaga. Sandali na lang naman at maaayos ko na ito.” Agad siyang tumayo upang ligpitin ang bag na nasa sahiq.

Nakakunot-noo pa rin si Jerick. Nakatitig ito sa kanya, at lalo siyang nakadama ng pagkailang.

Nagpaalam na si Aling Saling na ihahanda na ang kanilang pananghalian.

Napakagat-labi si Frankie nang may maalala.

Nas'an na 'yung hikaw?

Wala na ang hikaw na kanina ay hawak lamang niya! Sigurado siyang naroon lang iyon sa loob ng silid, ngunit dahil nakamasid si Jerick, hindi niya magawang kapain ang kabuuan ng sahig upang hanapin iyon.

Namutla siya marahil, dahil nagkomento ang binata.

“O, nawalan ka ng kulay? Hindi kaya masama ang bagok ng ulo mo?” tanong nito.

Ah, kung alam lang nito!

Kailangan niyang mahanap ang hikaw na iyon. Dahil kung hindi, baka imbis na kumita siya ng pera ay malubog pa siya sa utang. Siguradong malaking halaga ang katumbas niyon.

“Hindi, Sir. Okay lang po ako, medyo napagod lang po,” tanggi niya.

Nagsalubong ang mga kilay ng lalaki. Masusi siyang pinanood nito.

“Kung gan’un, magpahinga ka na. Hayaan mo na si Aling Saling sa paghahanda ng tanghalian natin.” At nginitian siya nito.

Ngumiti na rin siya rito. Kahit paano ay gumaan ang loob niya sa konsiderasyong ipinapakita nito

ngayon.

“Sir, hindi pa po kasi ako tapos magwalis, eh,” dahilan niya. Gusto niyang suyurin ang sahig nang sa gayon ay makita na ang nabitawan niyang hikaw.

Kinakabahan man, nagkasya na lang siya sa ideya na hindi iyon maaaring mawala. Nasa loob lang iyon ng silid ng binata.

“Saka na. Gusto ko na ring magpahinga,” sabi nito.

“Tulungan na kitang mahiga sa kama,” alok niya. Napasimangot ito nang magtama ang tingin nila.

Wala naman siyang sinabing masama, ah?

“Ah, kung ayaw mo, okay lang naman. Ang akin lang, baka mahirapan kang lumipat mula sa wheel chair,” paliwanag ni Frankie.

“No thanks, hindi naman ako ganap na imbalido. Pakisara ang pinto paglabas mo,” anito.

Dumerecho na siya sa silid niya na nasa harap lamang ng kuwarto nito. Paano na lang kapag napansin ni Jerick na wala ang kapares ng hikaw na nasa kahita?